# PANITIKAN SA PANAHON NG AKTIBISMO

# (1960-1972)

## SALIGANG KASAYSAYAN

1. Ang aktibismo ng ating bansa ay masasabing hindi bago Sapagkat panahon pa ng mga mananakop na Kastila ay may nagising na at nagkaroon na ng Palabang damdamin nang mamulat ang isipan ng mga kabataan Pilipino sa ginawang pang-aalipin sa atin ng mga mananakop na *Kastila.*

2. Sinimulan ng mga kabataang manghingi ng reporma o pagbabago sa mga namumunong Kastila sa ating bansa. Pangkat nina *Dr. Jose Rizal, Marcelo Del Pilar, Graciano Lopez Jaena, Antonio Luna, Pedro Paterno, Mariano Ponce, Jose Maria Panganiban* at iba pang mga kabataan noon ang mga unang aktibistang maituturing dito sa ating bansa.

3. Ang Aktibismo sa panahon nga *Kastila* ay saglit na humupa at napayapa nang dumating sa bansa ang mga Amerikano na nagdala rito ng pagbabago na nakapagpatighaw sa kahirapang dinanas ng mga Pilipino sa panahon ng mananakop na *Kastila.*

4. Sa mga akdang pampanitikan naisulat sa panahong ito ay nangibabaw ang paksang *nasyonalismo.*

## KALAGAYANG PAMPANITIKAN

## (ANG PANITIKANG PATULA)

Ang mga tula sa panahong ito ay kinakitaan ng ganap na kamalayang panlipunan. Si ***Amado V. Hernandez*** o si ***Ka Amado*** ang nanguna sa pagsusulat ng mga tulang nagpapakita ng ganitong damdamin sa pamamagitan ng mga tulang sinulat niya.

Ang mga tula ni ***Ka Amado*** ay pawang mga makabuluhan sapagkat hanggang ngayon ay nakakaimpluwensiya pa sa ating lipunan.

## MGA MAKATA AT TULA NG PANAHON

- Isang Dipang Langit – Amado V. Hernandez
- Mga Ibon – Bienvenido A. Ramos

**Taong 1960 ay kinilala ang mga Sumusunod sa larangan ng panulaan:**

1. "*Mga Butil ng Perlas*" ni Dr. Jose Villa Panganiban. Ito ay katipunan ng 70 tula.

2. *"Isang Dipang Langit"(*1962), ni Amado V. Hernandez, Katipunan ng mga tulang sinulat ni Ka Amado sa loob ng bilangguan. Nagkamit ito ng Republic Central Heritage Award.

3. *"Tinig ng Darating*"(1963), ni Teo S. Baylen. Nagkamit din ito ng Republic Cultural Heritage Award.

4. "*Tanaga, Haiku, Pantun"* aklat ng tatlong uri ng tulang sinulat ni Dr. Jose Villa Panganiban.

5. "*Makiling"* ni Gonzalo Flores(1964). Nagkamit din ito ng gantimpala sa Timpalak-Palanca.

6. "*Parnasong Tagalog*" ni Alejandro G. Abadilla. Ito ay katipunan ng mga tula sa panahon ni Huseng Sisiw at ni Balagtas hanggang 1964. Kasama rin sa aklat na ito ang pagsasaad sa tula na sinulat nina Abadilla, AV Hernandez, Teo S. Baylen, Anacleto Dizon at Pablo Glorioso.

7. *"Mga Piling Tula"* ni AGA (1965)

8. "*Damdamin"* ni Iñigo Ed Regalado. Nagkamit din ito ng Republic Cultural Heritage Award. Ito ay nahahati sa tatlong uri ng tula: Pag-ibig, Paninibugho, Talambuhay, Bayang at Buhay.

9. "*Manlilikha"(*1967), ito ay katipunan ng mga tula ng iba't ibang makata. Nalimbag sa pamamatnugot ni Rogelio G. Mangahas.

10. "*Makata"* katipunan ng mga tula ng labing-anim na makata.

11. "*Tanagabadilla"* (1964) ito ay isang aklat ng mga Tanaga ni Abadilla na naging mapanuri at mapang-uyam na tagapaglarawan ng mga tao at kalagayan sa lipunan.

12. "*Mga Piling Tula"* ni AGA(1965) ito ay ang piniling akdang tula ni AGA. Nasama sa katipunang ito ang mga tula nina Pablo Glorioso, P.B. Peralta Pineda, Epifanio San Juan, Teo S. Baylen, Ancleto Dizon, Pedro L. Ricarte.

13."*Ako ang Daigdig"* ni AGA. Katipunan ng mga tula na binigyan ng gantimpala ng Surian ng Wikang Pambansa.

**Katipunan nga mga tula na nailimbag sa panahong aktibismo:**

- Kalikasan ni Aniceto Silvestre
- Mga A! ng Panahon(1970) ni Al Q. Perez
- Peregrinasyon at iba pang tula ni Virgilio Almario
- Mga tula ng Bayan Ko at Iba pa (1972) ni V.G. Suarez
- Sitsit sa Kuliglig(1972) ni Rolando Tinio
- Mga Gintong Kaisipan(1972) ni S. Esguerra

**Mga Makata ng Panahon(1960-1972)**

- Alejandro G. Abadilla
- Amado V. Hernandez
- Anacieto Dizon
- Teo S. Baylen
- Epifanio San Juan
- Pedro L. Ricarte
- Bienvenido Ramos
- Mar. Al Tiburcio
- Jose Villa Panganiban
- Rogelio Mangahas
- CC Marquez
- Federico Licsi-Espino
- Virgilio Almario
- Rolando Tinio
- V.G. Suarez

**Tatlo ang katangian ng tula sa Panahon ng Aktibismo:**

- Nagsusuri sa kalagayn ng bayan
- Nagsisiwalat ng mga katiwalian sa tula
- Tahasang lumalabag sa kagandahang asal(panunungayaw at may karahasan sa pananalita)

## TALAAN NG MGA NAGWAGI NG GANTIMPALANG PALANCA SA TULA

**1963-1964**

1. Alamat ng Pasig (Fernando B. Monleon)

2. Ito ang Ating Panahon (Bienvenido A. Ramos)

3. Halimuyak 101

**1964-1965**

1. Sa Pagkaparool (Ruben Vega)

2. Mga Sugat ng Siglo (Teo S. Baylen0

3. Makiling (Gonzalo K. Flores)

**1965-1966**

1. Ebolusyon(CC Marquez)
2. Logos (Vict. V. Dela Cruz)
3. Tinig Mula sa Kung Saan (Rogelio Mangahas)

**1966-1967**

1. Toreng Bato. . . Kastilyong Pawid at Bagwis ng Guniguni (Federico Licsi-Espino Jr.)
2. Mga Paa. . . Mga Kamay. . . (Bienvenido A. Ramos)
3. O Sanggol na Hari (Ruben Vega)

**1967-1968**

1. Mga Ibon at Iba Pang Mga Tula(Bienvenido A. Ramos)
2. Ito ang Kasabihan at Ilang Tula(Victor Fernandez)
3. Kaktus ng Bungo(Martin D. Pantaleon)

**1968-1969**

1. May Luha Ang Tula at Iba Pa (Aniceto F. Silvestre)
2. Paraanin Ako (Jose M. Buhain)
3. Maliwalu (Epifanio San Juan Jr.)

**1969-1970**

1. Paregrinasyon at Iba Pang Tula (Virgilio S. Almario)
2. Alay sa Lahi (Ruben Vega)
3. Maliwalu (Epifanio San Juan Jr.)

**1970-1971**

1. Mga Duguang Plakard at Iba Pang Mga Tula (Rogelio Mangahas)
2. Tatlong Awit ng Pagpuksa (Lamberto E. Antonio)
3. Dalawang Tula (Cirilo F. Bautista)

**Ang mga sumusunod ay katipunan ng mga tula na isinaaklat noong panahon ng aktibismo:**

1. Mga A! ng Panahon ni Alejandro Q. Perez (1970)

2. Kalikasan ni Aniceto Silvestre (1970)

3. Peregrenasyon at Iba Pang Tula ni Rio Alma (1970)

4. Sitsit sa Kuliglig ni Rolando S. Tinio(1972)

5. Mga Gintong Kaisipan ni Segundo Esguerra (1972)

**ANG PANITIKANG TULUYAN**

- Noong panahong kalagitnaan ng 1960 at 1970 nagsimula ang pag-uusisa sa kalagayan ng lipunan ang mga kwentista. Higit na Sumudhi ang pakikilahok ng mga kabataang manunulat.

**ANG NOBELA**

- Mula noong 1960 hanggang 1972 ang mga nobela ay kinakitaan ng malaking pagbabago hindi lamang sa paraan ng pagsulat kundi sa nilalaman man at sa layunin.

**MGA NOBELA at NOBELISTANG mababanggit sa panahong ito ang mga sumusunod:**

- Dilim sa Umaga ni Efren Abueg
- Dugo sa Bukang Liwayway ni Rogelio Sikat
- Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez
- Luha ng Buwan ni Amado V. Hernandez
- Daluyong ni Lazaro Francisco
- Mapagpalang Lupa ni Brigido C. Batungkal
- Sa mga Kuko ng Liwanag ni Edgardo Reyes
- Mga Halik sa Alabok ni Dominador Mirasol
- Lagablab ng Kabataan ni Fausto J. Galauran
- Mga Buwaya sa Lipunan ni Celso A. Carunungan
- Satanas sa Lupa ni Celso A. Carunungan
- Apoy sa Madaling Araw ni Rogelio Ordonez
- Mga Kaluluwa sa Kumunoy ni Efren Abueg
- Araw sa Ibabaw ng Bundok ni Efren Abueg
- Sa Tundo Man May Langit Din ni Andres Cristobal Cruz

**MAIKLING KUWENTO**

- Sa pagtatapos ng taong 1960 ang mga manunulat ng maikling kuwento ay nagsimulang pumaksa sa mga sakit ng lipunang Pilipino at sa maling Sistema ng pamamalakad ng pamahalaan kaya ang damdaming mapanghimagsik ng mga mamamayan ay patuloy na nag-aalab hanggang sa ito ay tuluyang sumabog. Sa pangunguna ng mga kabataan ay naganay ang mga demonstrasyon at mga “rally”.

## MGA MANUNULAT NG MAIKLING KWENTO AT KANILANG NAISULAT

(DEKADA ’70 nang kilalanin sa pagsusulat ng mga maikling kuwento and mga sumusunod:

1. Ave Perez Jacob. Pinaksa ang kalagayan ng mga bilanggo at ang mga bagay na nagtutulak sa tao sa bilangguan.

2. Levy Balgos Dela Cruz. Inihantad niya ang mga limot ng kalagayan ng mga iskwater sa kanyang maikling kuwento.

3. Edgardo N. Reyes. Tinalakay niya ang kalagayan ng lipunan at ang pahirap nang pahirap na pamumuhay. Ipinadama rin niya ang kanyang pagtutol sa dinaranas na kaapihan ng mga magbubukid.

4. Dominador B. Mirasol. Isa siya sa pumaksa ng mga kaapihang dinanas ng mga maliliit na manggagawa.

5. Rogelio Ordonez- Kaisa siya ni Mirasol na naglalarawan sa maikling kuwento ng mga kaapihan ng mga maliliit na manggagawa.

6. Efren R. Abueg. Tinurol naman ni Amueg sa kanyang mga kuwanto and kabangisan ng lungsod sa kabila ng kagandahan ng mga mapang-akit na ilaw ng dagitab.

7. Macario Pineda. Nagpakita rin ng Kamalayang Panlipunan sa kanyang Maikling kuwento.

**Ilang sa mga nasulat na maikling kuwanto ng panahon ay ang mga sumusunod:**

- “Sa Kamatayan ni Tiyo Samuel” ni Efren R. Abueg
- “Himagsik ni Emmanuel Lazaro” ni Domingo Landicho
- “Huwag, Huwag Mong Kukuwantuhan Ang Batang si Wei Fung” ni Ricardo Lee
- “Sa Luntiang Bukid” ni Edgardo Reyes
- “Lagablab sa Utak ni Damian Rosa” ni Ave Perez Jacob
- “Tata Selo” ni Rogelio Sikat
- “Mga Aso sa Lagarian” ni Dominador Mirasol
- “Ngiti ng Isang Bangkay” ni Fernando L. Samonte
- “Ang Guwardiya” ni Ave Perez Jacob
- “Mabangis na Lungsod” ni Efren R. Abueg
- “Buhawi” Rogelio Ordonez
- “Uod sa Bibig ng Lupa” ni Rogelio Ordoñez

- “Daang Bakal” ni Edgardo Reyes
- “Makina” ni Dominador Mirasol

MGA KATANGIAN NG MAIKLING KUWENTO SA PANAHON NG AKTIBISMO:

1. Ang Diwa o tema ay mapaghimagsik

2. Gumagamit ng simbolismo ang mga manunulat.

3. Makatotohanan ang paksa.

4. Gumagamit ng mararahas at matatalim na lengguwahe.

5. May layuning magmulat at magpatinag sa mga mambabasa upang magpasaya at kumilos.

**ANG SANAYSAY**

-Ang sanaysay ay isang anyo ng panitikang tuluyan na humahamon sa mambabasa upang mag isip tungkol sa palagay o kuro-kuro ng may-akda tungkol sa isang paksa.

**URI NG SANAYSAY**

1. PORMAL

2. DI-PORMAL

**Katangian ng Sanaysay:**

- Gumagamit ng mga piling salita kaya may kabigatang basahin.
- Pampanitikan ang uri sapagkat matalinghaga
- Mapitagan ang tono (istilo ng pagpapahayag)
- Obhektibo o hinfi kumikiling sa damdamin ng may akda.

**ANG DULA**

- Naging labis na mapangahas ang mga manunulat ng dula sa panahong ito hindi lamang sa paksa kundi gayundin sa lengguwahing inilagay ng mga mandudula sa bibig ng mga tauhan ng dula na bagay naman sa makatotohanang pagganap sa mga makatotohanang pangyayari.

**PITONG DULA NI DIONISIO SALAZAR (1968)**

A. Iisahing Yugtong Dula

1. “Hulyo 4, 1954 A.D.,” ito ang unang dulang nagkamit ng Gantimpalang Palanca

2. Sinag sa Karimlan

3. May Pag-asa

4. Dilubyo

B. Tatlong Yugto

1. Putik sa mukha ng Buwan

C. Sarsuwela

1. Bukang Liwayway

2. Florante at Laura

**Dalawang uri ng dulang nasulat sa panahong ito:**

-MGA DULANG ROMANTIKO O DULA NG PAG-IBIG

-MGA DULANG MAPAGHIMAGSIK

**MGA NAKILALANG MANDUDULA SA PANAHON NG AKTIBISMO:**

1. Dionesio Salazar
2. Simplicio Flores
3. Jacobo Enriquez
4. Rogelio Sikat
5. Dolores Tensuan-Dungo
6. Fuasto J. Galauran
7. Bernardo Lopez

**MGA IISAHING YUGTONG DULA NA NAGKAMIT NG GANTIMPALANG PALANCA**

**1959-1960**

1. *“Kamatayan ng mga Simulain”*- Augusto Bartolome
2. *“Ang mga Kagalang-galang”*- Amado V. Hernandez
3. *“Mr. Congressman”*- Clodaualdo del Mundo

**1961-1962**

1. *“Mayb Iba Pang Daigdig”*- Gregorio A. Moral Jr.

2. *“Ang Huling Ulos”*- Benjamin P. Pascual

3. *“Madilim na Entresuwelo”*- Gregorio R. Florencio Jr.

**1962-1963**

1. “*Huling Kahilingan”*- Benjamin Pascual

2.”*Nakalipad ang Ibon”*- Dr. Gregorio A. Moral, Jr.

3.”*Mukha ni Medusa”*- Ma. Pauto

**1963-1964**

1. *“Sinag sa Karimlan”*- Dionesio P. Salazar

2. *“Babasaging Alon”*- Orlando C. Rodriguez

3. *“Kintin”*- Benjamin P. Pascual

**1964-1965**

1. *“Mga Yagit”*- Edgardo M. Reyes

2. “*Makasara*” – Pablo Cuasay

3. *“Ang Taksil”*- Agapito Joaquin

**1965-1966**

1. “*Itim ang Kulay ng Paruparo”*- Bernardo del Rosario, Jr.

2. “*Mga Kaluluwang Naghahanap*”- Rogelio R. Sicat

**1966-1967**

1.”*Gabi at Araw”*- Fernando L. Samonte

2. “*Isang Araw ng paghuhukom”*- Benjamin M. Pascual

3. “*Isang Kundiman*”- Levy Balgos dela Cruz

**1967-1968**

1. *“Maghihintay ang Amerika”*- Dionesio P. Salazar

2. *“Bubungang Lata”*- Agapito M. Joaquin

3. *“Sa Kuko ng Agila”*- Lazaro R. Banag Jr.

**1968-1969**

1. *“Moses, Moses!”*- Rogelio R. Sicat

2. *“Neon”*- Clodualdo del Mundo

3. *“Ang Huling Pasiya”*- Fernando L. Samonte

**1969-1970**

1. *“Vida”-* Wilfredo Virtusio

2. *“Ang Utak”-* Levy dela Cruz

3*. “Saan Papunta anf Paruparo”*- Rogelio R. Sicat

**1970-1971**

1.”*Dugo sa Uhay ng Luntiang Palayan”-* Victor Francisco

2. *“Langit at Lupa”*- Fernando L. Samonte

3. “*Panahon ng Digma”-* Alberto S. Florentino

**“Ang Panitikan sa Panhon ng Aktibismo ay naging ganap na Mapanghimagsik”**

Naging katangian ng mga akdang pampanitikan ng panahong ito ang mga sumusunod:

1. Nagpapakita ng kamalayang panlipunan

2. Mapanuri, mapanghikayat, mapagmasid sa kalagayan ng bayan at lipunan.

3. Punong-puno ng damdaming mapanghimagsik

4. Matapat at hindi makasarili

5. Matalim at mabalasik ang mga pananalitang ginagamit kaya masasabing lumalabag na sa kagandahang asal.

**IKA-LIMANG PANGKAT**

*MGA MIYEMBRO*

*VIERNES, KIMBERLY MAE E. *TADLE, MARIJEL

*NACUA, ANGIE *HAYO, PEARL

*FUENTES, CECIL ANN T. *MACMOD, ELENIE

*AMARILLA, JUNRICK